**Mga umiiral at binabalak na panukala sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi**

**Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad**

Ang Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad (Equal Opportunities Commission, EOC), na itinatag noong Mayo 1996, ay isang katawan ng batas na nagpatupad ng Ordinansa ng Diskriminasyon sa Kasarian (Sex Discrimination Ordinance, SDO), ang Ordinansa ng Diskriminasyon sa Kapansanan (Disability Discrimination Ordinance, DDO), ang Ordinansa ng Diskriminasyon sa Estado ng Pamilya (Family Status Discrimination Ordinance, FSDO), at ang Ordinansa ng Diskriminasyon sa Lahi (Race Discrimination Ordinance, RDO) sa Hong Kong.

Ang komisyon ay nagsisikap tungo sa pagtanggal ng diskriminasyon batay sa kasarian, katayuan sa pag-aasawa, pagdadalang-tao, pagpapasuso, kapansanan, estado ng pamilya, at lahi.

Kami rin ay naglalayong mapuksa ang sekswal na panliligalig, panliligalig habang nagpapasuso, at paninirang-puri batay sa kapansanan at lahi. Itinataguyod namin ang pagkakapantay-pantay sa mga oportunidad sa pagitan ng kalalakihan at kababaihan, sa pagitan ng mga taong may kapansanan o wala at walang pag-aalintana sa estado ng pamilya at lahi.

Naghanda ang EOC ng isang checklist sa ilalim ng "Mga Administratibong Alituntunin sa Pagtataguyod ng Pagkapantay-pantay sa Lahi" na inilabas ng Kawanihan sa Konstitusyon at mga Usaping Mainland (CMAB), na pinapatingkad ang mga serbisyo at mga umiiral at binabalak na panukala na naaayon sa pagtataguyod ng pagkapantay-pantay sa lahi at pantay na akeses sa mga pangunahing pampublikong serbisyo na ibinibigay ng Komisyon. Ang checklist na ito, kasama ang mga checklist na ginawa ng iba pang kawanihan/kagawaran at mga pampublikong awtoridad ng pamahalaan, ay in-upload sa website ng CMAB para sa pampublikong akses.

## A. Mga Serbisyong Katanungan at Reklamo

| | |
|---|---|
| Mga Serbisyong May Kinalaman | • Ang EOC ang humahawak sa mga reklamo ng mga gawaing labag sa batas, nagsasagawa ng pagsisiyasat at pagkakasundo at nagbibigay ng tulong na naaayon sa ilalim ng seksyon 84 at 85 ng SDO, seksyon 80 at 81 ng DDO, seksyon 62 at 63 ng FSDO at seksyon 78 at 79 ng RDO |

| | |
|---|---|
| | upang tuluyang matanggal ang diskriminasyon, panliligalig at paninirang puri, at magtaguyod ng pagkakapantay-pantay sa mga oportunidad at pagkakaisa sa pagitan ng mga tao ng iba't-ibang kasarian, kakayahan, estado ng pamilya at lahi.<br>● Ang EOC ay nagbibigay payo at humahawak ng mga katanungan mula sa mga pampublikong awtoridad, ibang mga partido at indibidwal sa pagtupad ng SDO, DDO, FSDO at RDO. |
| Umiiral na Mga Panukala | ● Tinitiyak namin ang pantay na pag-access sa paggawa ng mga katanungan at paghain ng mga reklamo ng mga taong magkakaibang lahi.<br>● Ang mga pangangailangan, damdamin at alalahanin ng iba't ibang pangkat ng lahi ay isinasaalang-alang sa pagkakaloob ng mga serbisyong katanungan at reklamo.<br>● Ang serbisyong pagsasalin at interpretasyon ay ipinagkakaloob upang matugunan ang mga pangangailangan sa wika ng mga nagtatanong at nagrereklamo mula sa magkakaibang lahi kung at kapag kailangan. |
| Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap | ● Pana-panahong tatasahin at susuriin ng EOC ang mga serbisyong paghawak ng katanungan at reklamo at ang mga panukala nito upang lalong mapahusay ang pantay na paglapit sa mga serbisyo ng mga taong magkakaibang lahi. |
| Mga Karagdagang Panukalang Ipinatupad/ Ipatutupad | ● Ang mga hakbang ay pinaigting upang ang mga nagtatanong at nagrereklamo na iba't-ibang lahi ay magkaroon ng mas mabilis na pag-unawa sa proseso ng pamamahala ng reklamo (CHP) at/o mga pamamaraan ng pagkakasundo sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga subtitle ng CHP at mga video ng pagkakasundo, at impormasyon ng CHP at pagkakasundo para sa mga nagrereklamo at mga sumasagot para sa sampung wika maliban sa wikang Intsik at Inglis, kabilang ang Bahasa Indonesia, Bengali, Hindi, Nepali, Punjabi, Sinhala, Tagalog, Thai, Urdu at Vietnamese. Ang Form para sa Katanungan at Form para sa Reklamo ay magagamit din sa mga nabanggit na wika upang mapadali ang agaran at angkop na aksyon para sa mga nagtatanong at nagrereklamo mula sa iba't-ibang lahi kung kinakailangan.<br>● Kokolektahin ang mga data ng katanungan at reklamo tungkol sa mga isyu ng lahi at/o pangkat ng lahi para sa |

tuloy-tuloy na pagsusuri ng mga patakaran at panukala sa pagkakapantay-pantay ng lahi.

- Ang tamang talaan ng mga espesyal na pangangailangan sa wika na hiniling ng mga nagtatanong at nagrereklamo (maliban sa Tsino at Ingles) ay itatago sa panloob na Sistema ng pagkolekta ng data.

## B. Serbisyong Pagsasanay para sa Pangkalahatang Publiko

Mga Serbisyong May Kinalaman

- Ang Dibisyon sa Patakaran, Pananaliksik at Pagsasanay ng EOC ay naghahandog ng dalawang serye ng pagsasanay sa pangkalahatang publiko. Ito ang mga kursong pagsasanay ayon sa talaarawan at pasadyang pagsasanay upang magbigay ng pagsasanay sa batas laban sa diskriminasyon at kaugnay na diskarte sa pamamahala.

Umiiral na Mga Panukala

- Kasangkapang ginagamit ng mga kurso sa pagsasanay
  - Sa ilalim ng pagsasanay na ayon sa talaarawan, ang EOC ay gagawa ng dalawang serye ng pagsasanay bawat taon tuwing tagsibol at taglagas. Maghahandog ng libreng kursong pagsasanay sa Cantonese at Ingles sa parehong serye upang matiyak na ang mga taong nakapagsasalita at hindi nakapagsasalita ng Cantonese ay parehong makakalahok sa aming mga kursong pagsasanay na walang hadlang sa wika.
  - Sa ilalim ng pasadyang pagsasanay, ang mga kursong Cantonese at Ingles ay ipinagkakaloob ayon sa kahilingan ng mga organisasyon.
- Nilalaman ng mga kurso sa pagsasanay
  - Ang konsepto ng pagkakapantay-pantay ng lahi, lugar ng trabahong tanggap ang anumang kultura at mga pangunahing gawaing labag sa batas sa ilalim ng RDO ay sakop ng umiiral na pagsasanay ayon sa talaarawan at mga pasadyang kurso sa pagsasanay kung naaangkop upang maitaguyod ang pagkakapantay-pantay ng lahi.
- Pag-access sa mga serbisyo sa pagsasanay
  - Ang lahat ng impormasyon at detalye sa pagpapatala ay makikita sa websayt ng EOC sa parehong Tsino at Ingles.

| | |
|---|---|
| | ▪ Ang form sa pagpapatala sa Tsino at Ingles ay makukuha sa websayt ng EOC. |
| Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap | ● Ang nilalaman ng mga kurso sa pagsasanay kaugnay sa pagkakapantay-pantay ng lahi ay patuloy na susuriin ng mga tagapagsanay sa parehong serye ng pagsasanay kada taon. |

## C. Serbisyong Pagsasanay Para sa Mga Taong Magkakaibang Lahi

| | |
|---|---|
| Mga Serbisyong May Kinalaman | ● Ang Yunit ng Etniko Minorya (ang "Yunit") ng EOC ay aktibong nakikipag-usap sa mga pangkat ng lahi upang matukoy ang mga pangangailangan sa pagsasanay sa proteksyon laban sa diskriminasyon at tasahin ang kanilang mga pangangailangan sa wika. |
| Umiiral na Mga Panukala | ● Ang mga programang pagsasanay para sa iba't ibang pangkat ng lahi ay ibibigay kung kinakailangan at magagawa sa pamamagitan ng:<br>▪ Paghahatid ng direktang serbisyo ng mga miyembro ng kawani na sanay sa mga kinakailangang wika ng mga pangkat<br>▪ Pagsasangguni para sa mga serbisyong interpretasyon at/o pagsasalin ng mga panlabas na tagabigay ng serbisyo<br>▪ Pakikipagtulungan sa mga NGO, mga pangkat ng lahi o mga tanggapan ng konsulado sa kinakailangang suporta sa wika |
| Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap | ● Ang katugunan mula sa mga pangkat ng magkakaibang lahi sa ibinigay na serbisyo ay kokolektahin sa mga gawaing pag-aabot ng Yunit at mga madalas na pagpupulong sa mga pinuno ng komunidad ng lahi. |
| Mga Karagdagang Panukalang Ipinatupad/ Ipatutupad | ● Ang mga pagsasanay at materyal na pang-edukasyon sa ibang mga wika ay ibinibigay para sa mga grupo ng ibang lahi.<br>● Regular na susuriin ang diskarte sa suporta sa wika alinsunod sa katugunan na nakolekta mula sa patuloy na pagsasanay sa pakikipag-ugnayan sa komunidad kasama ang iba't ibang grupo ng lahi. |

## D. Pagkakaloob ng Mga Naaangkop na Serbisyo sa Wika sa Mga Tagagamit ng Serbisyong Nangangailangan

| | |
|---|---|
| Mga Serbisyong May Kinalaman | • Ang EOC ay nakatuon sa paggamit ng aktibo at praktikal na pamamaraan upang matiyak ang pantay-pantay na pag-access ng mga taong magkakaibang lahi sa mga serbisyo nito. Upang mapadali ang komunikasyon sa mga tagagamit ng serbisyo na hindi nakakabasa o nakakapag-usap sa Tsino/Ingles, magbibigay ng mga naaangkop na serbisyo sa wika. |
| Umiiral na Mga Panukala | • Ang mga polyeto ng impormasyon sa apat na mga ordinansa sa diskriminasyon na ipinatupad ng EOC at ibang mga kaugnay na impormasyon ay ipinagkakaloob sa walong wika maliban sa Ingles at Tsino: Bahasa Indonesia, Hindi, Nepali, Punjabi, Tagalog, Thai, Urdu at Vietnamese. Dagdag pa rito, ang polyeto ng impormasyon tungkol sa Ordinansa sa Diskriminasyon sa Lahi ay inilaan pa sa dalawa wika, Bengali at Sinhala. Ang mga polyetong ito ay makukuha sa tanggapan ng EOC o pwedeng i-download mula sa websayt ng EOC. Ang mga kagamitang pagtataguyod ay isinalin sa mga wika maliban sa Tsino at Ingles kung kinakailangan at magagawa. Upang matiyak ang katumpakan, ang pagsasalin na inihanda ng tagapagbigay ng serbisyo ay sasailalim sa karagdagang hakbang ng gawaing pagrerepaso ng isa pang tagapagbigay ng serbisyo. |
| Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap | • Ang katugunan sa bisa ng ibinibigay na suporta sa wika sa mga tagagamit ng serbisyong magkakaibang lahi ay hihingin para sa tuloy-tuloy na pagsusuri at pagpapabuti.<br>• Ang bilang ng mga kahilingan para sa serbisyong pagsasalin at interpretasyon at ang serbisyong ipinagkakaloob ay pana-panahong susuriin upang matukoy ang mga kinakailangang serbisyo sa hinaharap at kinakailangang pagpaplano sa mga mapagkukunan. |
| Mga Karagdagang Panukalang Ipinatupad/ Ipatutupad | • Upang mapalawak ang pagpapakalat ng impormasyon sa mga ibang lumalaking pangkat ng lahi, tulad ng mga Bengali, Sinhalese at Vietnamese, ang mga pangunahing polyeto ng impormasyon kaugnay ng iba pang tatlong mga ordinansa sa diskriminasyon (maliban sa Ordinansa sa Diskriminasyon sa Lahi) ay isinasagawa at makukuha mula sa website ng EOC. |

- Upang madagdagan ang kamalayan sa pagkakaroon ng mga libreng serbisyong Interpretasyon/Pagsasalin sa iba't ibang wika maliban sa Ingles at Tsino, naglagay ng kapuna-punang mga paunawa / karatula sa lobby ng EOC at maglalay sa websayt ng EOC kung naaangkop.
- Hinihikayat ang mga kawani sa frontline na aktibong ipakilala ang serbisyo sa wika ng EOC sa mga tagagamit ng serbisyo. Upang higit pang mapadali ang komunikasyon sa mga tagagamit ng serbisyo ng EOC na hindi nakapagsasalita ng Tsino/Ingles, may AI na Tagasaling Ikakabit sa Tenga, na sumusuporta sa 36 wika, na puwedeng gamitin kung kinakailangan
- Ang bilang ng mga kahilingan para sa serbisyong pagsasalin at interpretasyon ay kinolekta para sa pagsusuri ng serbisyo at mga mapagkukunan.
- Ang Salaysay sa Pagkuha ng Personal na Impormasyon ng EOC, Salaysay sa Patakaran ng Pagkapribado at Makipag-ugnayan sa Amin na Form para sa Feedback na naisalin sa sampung mga wika ay makukuha sa website ng EOC.: Bahasa Indonesia, Bengali, Hindi, Nepali, Punjabi, Sinhala, Tagalog, Thai, Urdu, at Vietnamese.
- Ang mga pamamaraan ng paggawa ng pag-aayos ng mga serbisyong Interpretasyon/Pagsasalin ay ilalabas upang matiyak na ang lahat ng kawani, lalu na ang mga kawani sa frontline, ay nakakaalam, upang matiyak ang mabisang paghahatid ng serbisyo.

Para sa mga katanungan o katugunan, mangyaring makipag-ugnay sa Nakatataas na Opisyal ng Pantay-pantay na Oportunidad (Pangangasiwa & Tauhan) sa Dibisyon ng Corporate Planning at Mga Serbisyo (Miss Gloria YU) sa pamamagitan ng mga sumusunod na pamamaraan –

Email: eoc@eoc.org.hk
Telepono: (852) 2511 8211
Fax: (852) 2511 8142
Serbisyong SMS: 6972566616538 (Para sa mga taong may kapansanan sa pandinig/kahirapan sa pagsasalita)

- Ang mga taong may kapansanan na nangangailangan ng pisikal na pag-aalalay sa pagpunta sa Tanggapan ng EOC ay maaaring makipag-ugnay sa amin sa 2511 8211.

- Para sa mga pangkalahatang katanungan lampas sa oras ng opisina, mangyaring mag-iwan ng boses na mensahe sa aming hotline 2511 8211.

**Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad**
**Mayo 2025**